

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 118:121-122, 128

FECI iudícium et justítiam, Dómine, non calumniéntur mihi supérbi : ad ómnia mandáta tua dirigébar, omnem viam iniquitátis ódio hábui.

GINAWA ko ang matuwid at makatarungan, Poon, kaya't huwag akong pababayaang sa aking mga kaaway. Sinusunod ko ang lahat ng Iyong mga tuntunin, kaya kinamumuhian ko ang lahat ng masamang gawain.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SUMPTO, quæsumus, Dómine, único ac salutári remédio, Córpo et Ságuine tuo pretióso: ab ómnibus malis, sanctæ Mariæ Magdalénæ patrocíniis, eruámur: Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

O PANGINOON, tinanggap na namin ang tanging nakalulunas na mahal Mong Katawan at Dugo: at pakundangan kay Santa Maria Magdalena, nawa'y mahango kami sa tanang kasamaan. Ikaw na nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

SANTA MARIA MAGDALENA
Penitente

Misa "Me expectaverunt"
III cl. • Doble • Puti

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 118:95-96

ME **EXSPECTAVÉRUNT**, peccatóres, ut pérderent me: testimónia tua, Dómine, intelléxi: omnis consummationis vidi finem: latum mandátum tuum nimis. — *Ps 118:1* Beáti immaculáti in via : qui ámbulant in lege Dómini. *V.* Gloria Patri. Me exspectavérunt.

NAG-AABANG ang masama upang ako'y patayin, ngunit ako'y magbubulay sa bigay mong kautusan. Nakita kong ang lahat ng bagay ay may katapusan, ngunit ang iyong mga utos walang hanggan yaong saklaw. — *Salmo 118:1* Mapalad ang taong malinis ang pamumuhay at lumalakad sa utos ng Poon. *V.* Luwalhati sa Ama. — Nag-aabang ang masama...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

BEÁTÆ Mariæ Magdalénæ, quæsumus, Dómine, suffrágiis adjuvémur : cujus précibus exorátus, quatríduánum fratrem Lázarus vivum ab ínferis resuscitásti : Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

O PANGINOON, nawa'y matulungan kami ni Santa Maria Magdalena, yamang nang siya'y nagsumamo sa Iyo, nang ika-apat na araw ay muli mong binuhay si Lazaro na kaniyang kapatid na nahihimlay sa libingan. Ikaw na nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

PAGBASA • Awit ni Sol 3:2-5; 8:6-7

Pagbasa mula sa mga Aklat ng Karunungan.

AKONG ito'y bumabangon, sa lunsod ay naglalakad, ang lansangan sa paligid ay aking ginagalugad; ngunit hindi matagpuan ang sinta kong nililiyag. Sa akin ngang paglalakad, nakita ko'y mga bantay, nagmamanman, naglilibot, sa paligid, sa lansangan. Sa kanila ang tanong ko, "Mahal ko ba ay nasaan?" Nang aking iwan ang nasabing mga tanod, bigla na lang nakita ang mahal kong iniirrog.

Siya'y aking hinawakan at hindi na binitiwang, hanggang siya'y madala ko sa bahay kong sinilangan. Ipangako ninyo sa akin, mga dalaga sa Jerusalem sa ngalan ng mga usa at hayop na matutulin, ang aming paglalambingan ay di n'yo gagambalain. Kaya ako'y mahal in mo, sa bisig mo ay ikulong. O kay lakas ng pag-ibig, panibugho man ay gayon; sinlakas ng kamatayan, tumutupok, parang apoy. Kahit baha ay di kayang pigilin itong paggiliw, buhusan man nitong tubig, di makuhang palamigin. Subukin mong ang pag-ibig ay sa yaman mo daanin, baka nga ang mangyari ay ikaw pa ang siyang kutyain. — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 44:8,5

DILEXISTI justítiam, et odísti iniquitátem.
V. Proptérea unxit te Deus, Deus tuus, óleo lætítiæ.

Allelúia, allelúia. **V.** Specie tua et pulchritudine tua intende, prospere procede et regna. **Alleluia.**

INIIBIG mo ang katuwiran, at kinamumuhian ang kabuktutan

V. Kaya't binuhusan ka ng iyong Dios, ang Dios mo, ng isang langis ng kagalakan

Aleluya, aleluya! **V.** Sa iyong yumi't ganda, sumakay kang nananagumpay, masagana kang tumungo't magharing mainam! **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 7:36-50

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHOONG IYON: Inanyayahan si Jesus ng isa sa mga Pariseo upang makasalo niya. Pumunta naman siya sa bahay nito at dumulog sa hapag. Sa bayang iyon ay may isang babaing makasalan. Nabalitaan niyang kumakain si Jesus sa bahay ng Pariseo, kaya't nagdala siya ng pabangong nasa sisidlang alabastro. Lumapit siya sa likuran ni Jesus sa gawing paanan. Umiiyak na binasâ niya ng kanyang mga luha ang mga paa ni Jesus. Pinunasan niya ng kanyang sariling buhok, hinalikan, at binuhusan ng pabango ang mga paa nito. Nang ito'y makita ng Pariseong nag-anyaya kay Jesus, nasabi nito sa sarili, “Kung totoong propeta ang taong ito, dapat ay alam niya na ang babaing humahawak sa kanyang paa ay isang makasalan.” Bilang tugon sa iniisip ni Simon, sinabi ni Jesus, “Simon, may sasabihin ako sa iyo.” “Ano po iyon, Guro?” sagot niya. Sinabi ni Jesus, “May dalawang taong may utang sa isang nagpapahiram ng pera; limang daang salaping pilak ang inutang ng isa, at limampung salaping pilak naman ang sa ikalawa. Nang hindi sila makabayad, kapwa sila pinatawad. Ngayon, sino kaya sa kanila ang higit na magmamahal sa pinagkautangan?” Sumagot si Simon, “Sa palagay ko po'y ang pinatawad sa mas malaking utang.” “Tama ang sagot mo,” tugon ni Jesus.

Nilingon niya ang babae at sinabi kay Simon, “Nakikita mo ba ang babaing ito? Pumasok ako sa iyong bahay at hindi mo man lamang ako binigyan ng tubig para sa aking mga paa; ngunit hinugasan niya ng luha ang aking mga paa at pinunasan ang mga ito ng sarili niyang buhok. Hindi mo ako hinalikan; ngunit siya, mula nang pumasok ay hindi tumigil ng kahahalik sa aking mga paa. Hindi mo nilagyan ng langis ang aking ulo, subalit binuhusan niya ng pabango ang aking mga paa. Kaya't sinasabi ko sa iyo, malaki ang kanyang pagmamahal sapagkat maraming kasalanan ang pinatawad sa kanya; ngunit ang pinatawad ng kaunti ay kaunti rin ang pagmamahal.” At sinabi niya sa babae, “Pinatawad na ang iyong mga kasalanan.” At ang kanyang mga kasalo sa pagkain ay nagsimulang magtanong sa sarili, “Sino ba itong nangangahas na magpatawad ng kasalanan?” Ngunit sinabi ni Jesus sa babae, “Iniligtas ka ng iyong pananampalataya. Umuwi ka na.”

— **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 44:10

FILIAE regum in honóre tuo, ástitit regína a dextris tuis in vestítu deauráto, circúmdata varietáte

ANG MGA ANAK NA BABAE ng Hari'y titindig sa iyong karangalan: ang reyna ay nasa iyong kanan at nararamtan ng isang mamahaling damit na iba-iba ang kulay.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

MÚNERA nostra, quaésumus, Dómine, beátæ Mariæ Magdalénæ gloriósa mérita tibi reddant accépta : cujus oblatiónis obséquium unigénitus Fílius tuus cleménter suscépit impénsum : Qui tecum.

GAWIN mong marapat ang aming paghahain, O Panginoon. sa pamamagitan ng maluwalhating Santa Maria Magdalena: yamang sa kaniyang pagsamba sa Anak mong mahal ay tinanggap ng Panginoong Jesucristo: Sapagka't nabubuhay at naghahari siya...